


Para sa international na pamilya

Bago pumasok sa elementarya ng Japan

(Pag-aaral)



Pagkakaiba ng “Pagsalita ng Nihongo” at “Pag-aaral gamit ang Nihongo”



Guhit: Kengo Morita

Pahalagahan ang kasiyahan sa pag-aaral

Ano ba ang pangarap ng inyong anak ngayon?

Ang pangarap ng isang bata ay walang hangganan. Kapag sya ay nag-aaral na sa Elementarya, malalaman nya kung saan sya magaling at mahina at matutunan din nya ang sistema ng lipunan, kaya mas magiging malinaw ang kanyang pangarap. At dahil lumaki sa internasyonal na pamilya ay may malaking posibilidad at marami syang pagpipilian na wala sa mga batang Japanese. Habang mas marami

syang natututunan ay mas napapalawak ang kaniyang kaalaman at lalawak din ang kanyang pangarap. “Masaya akong matutunan ang mga bagay na hindi ko alam.”, “Gusto ko pang matuto.” Ito ang mga katagang may kaligayahan na matuto. Ang masayang pag-aaral ay siguradong makatutulong sa masayang pamumuhay.



☆ Pamumuhay sa school ng Grade 1

Ang “Tannin no sensei”-class adviser ay magtuturo ng lahat ng subject sa loob ng isang taon.



Oras ng klase (Halimbawa sa isang school)

oras	
8:15	Pagpasok
8:35	Morning activity
8:55	Morning meeting
9:40	1st period <u>Wikang Japanese</u>
9:50	Breaktime (toilet · Paghanda)
10:35	2 nd period <u>P.E.</u>
10:55	Breaktime
11:40	3 rd period <u>Math</u>
11:50	Breaktime (toilet · Paghanda)
12:35	4 th period <u>Moral education</u>
13:15	<u>School Lunch</u>
13:35	<u>Paglilinis</u>
14:00	Breaktime
14:45	5 th period <u>Class activity</u>
15:00	Homeroom
	Uwian

Mga subject

Wikang Japanese : Linangin ang abilidad sa pag-isip at pagpahayag sa pamamagitan ng “pagsalita”, “pakikinig”, “pagsulat”, “pagbasa” sa wikang Japanese. Pero hindi ito maituro ng Japanese bilang banyagang wika.

Math : Pag-aaral sa numbers, calculation, amount, measurement, shapes, quantity. Gagamitin nila ang ruler.

Seikatsu : Sa pamamagitan ng aktibidad at karanasan, sila ay mag-isip tungkol sa kaugnayan sa komunidad at kalikasan sa kanilang sarili . Sila ay matututo ng kaugalian at kahusayan na kinakailangan sa pamumuhay.

Arts and craft : Mag-drawing at gumawa ng craft. Gagamitin nila ang gunting at pandikit.

Musika : Sila ay kakanta at tutugnog ng iba’t ibang music instrument. Sa ilang school, ginagamit ang Kenban harmonica.

P.E. : Sa playground at gym, sila ay mag-ehersisyo ng dodge ball, jump rope at iba pa. Isusuot nila ang P.E. uniform.

Moral education : Matutunan nila ang rules at moral sa lipunan at mag-isip kung ano ang mahalaga para mapabuti ang buhay nila at kung anong dapat nila gawin sa sariling buhay.

Mga aktibidad

Lunch : Ang menu ng lunch ay ginagawa para sa mabuting kalusugan at paglaki ng katawan at puso ng mga bata. At matuto sila ng mabuting kaugalian at kaalaman sa pagkain sa pamamagitan ng paghanda at pag-ayos ng kanilang lunch.

Paglilinis : Sila ay maglilinis na may kooperasyon sa mga kaklase. Maranasan nila ang kahalagahan na tuparin ang sariling atas bilang isa sa miyembro ng komunidad.

Class activity : Aktibidad ng bawat seksyon para mapabuti ang pamumuhay sa school. Ang layunin nito ay makibagay sa pamumuhay sa school.

<Mapaprogres ang pagsalita sa sariling wika!>

Para sa mga bata, talagang mahalaga ang sariling wika na ginagamit ng pamilya sa tahanan. Kung magiging bihasa sa pagsalita ng sariling wika ay lalawak din ang kaniyang abilidad sa pag-isip at pagpahayag ng sariling kaisipan. Kung lumawak ang abilidad nito, makatutulong ito sa pag-aaral sa wikang Japanese. Kaya kung hindi sapat ang salita sa sariling wika, mahihirapan siya sa pag-aaral sa wikang Japanese at mahihirapan din siya sa pag-isip ng malalim sa sarili.

Sa anong paraan mapapalawak ang abilidad ng inyong anak sa pagsalita sa sariling wika? Ang sagot ay ang pakikipag-usap ng magulang sa kaniya sa sariling wika at sa mga nararanasan niya ang iba’t ibang bagay sa loob ng tahanan. Talagang epektibo ang pagbabasa ng magulang sa kaniya ng story book sa sariling wika at araw-araw masayang kuwentuhan ng isa’t isa kung anong nangyari sa ngayong araw.



Q & A



Dapat ba nya gagawin ang homework ng school ?

Oo, dapat nyang gawin ang homework galing sa school. Sa paggawa ng homework, malalaman natin kung saan ang hindi pa nya naiintindihan at puwede syang makapaghanda at makapag-review ng aralin. At ito ay mahalagang panahon ng pag-aaral sa tahanan.

Hindi naiintindihan ng anak ko ang pag-aaral sa klase, ano ang puwede natin gawin ?

Kumonsulta kayo muna sa class adviser. At puwede rin tanungin sa school kasama ng interpreter. Pero huwag po ipa-transrate sa anak dahil talagang mahirap ang i-translate ng bata ang pag-uusap ng mga matatanda. At hindi nyo alam kung tama ang kaniyang pag-translate.

Magtanong kayo sa school kung anong gagawin nyo kapag ang anak ay may problema sa school life .

Paano nagbibigay ng marka ang Japanese school ?

Sa elementarya, hindi sila binibigyan ng marka ayon sa resulta ng exam lang. Tinitingnan nila ang pang-araw-araw na saloobin nya sa pakikilahok sa klase, positibong nag-aaral at paggawa ng homework.

Dapat ba siya matuto ng Hiragana bago pumasok sa elementarya ?

Matutunan nya ang Hiragana sa elementarya. Pero ito ay hindi unang hakban sa pag-aaral sa school, dahil habang nag-aaral sila ng Hiragana nagbabasa ng textbook ng iba't ibang subject at nagsusulat sa notebook sa wikang Japanese. Habang nagbabasa at nagsusulat ng Hiragana paulit-ulit ay magiging magaling sila sa paggamit ng Hiragana.

Kung magtatagal sya sa pagbabasa at pagsusulat ng Hiragana, posibleng mahihirapan syang maintindihan ang klase. Kaya kung nag-aalala kayo, maaring mag-practice ang anak nyo sa pag-aaral ng Hiragana.

愛知教育大学 外国人児童生徒支援リソースルーム

〒448-8542 愛知県刈谷市井ヶ谷町広沢 1 [Tel:0566-26-2219](tel:0566-26-2219) [Fax: 0566-26-2566](tel:0566-26-2566)

e-mail: gendaigp@uecc.aichi-edu.ac.jp

愛知教育大学 リソースルーム

